HOME ACCESS PROGRAM

Home Access Program

PAANO ITO NAKAKATULONG

Ang Home Access ayang programang tumutulong sa down payment para sa bibili ng bahay sa unang pagkakataon sa mga County ng Alameda o Contra Costa na iniaalok ng Housing Trust Silicon Valley. Pinopondohan ito ng Housing Trust sa pamamagitan ng CalHome Reuse Funds. Ang programang ito ay inaasahang tutulong sa mga sambahayan na may mga kitang hindi hihigit sa 80% ng Area Median Income (AMI). Sa tulong na down payment na hanggang 40% ng presyo ng pagbili at pinakamataas na halaga ng loan na hanggang $200,000, ay mas abot-kaya ang pagbili ng bahay.

ANO ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Ang Home Access Program ay nag-aalok na tumulong sa down payment sa sambahayang may mas mababang kita na nagnanais bumili ng single-family home, townhome, o condominium. Ito ay may 30 taong ipinagpalibang loan na mayroong 3% simple interest rate, na naiipon taon-taon. Naiipon ang interest sa halaga ng principal na loan hanggang sa mabayaran ang buong principal. Kailangan ang pagbabayad ng hindi bayad na principal at naipong interest.

Sulyap sa Pautang ng Home Access Program:

- 40% ng presyo ng pagbili
- Hindi hihigit sa $200,000
- Hindi magbabayad ng Buwanang Principal o Interes
- Sambahayang may kita ng hanggang 80% AMI
- Pagbili ng tirahan sa mga County ng Alameda o Contra Costa

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON BISITAHIN ANG:

housingtrustsv.org/home-access

MAKIPAG-UGNAY SA AMIN:

(408) 703-3837 ext. 301 | homebuyer@housingtrustsv.org

Hong Ngo • NMLS# 1271738

25 HOUSING TRUST 2000 2025

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

HAKBANG 1
Intake

Kumpletuhin ang isang online Pre-qualification interest form at isumite ito sa staff ng Housing Trust para sa paunang screening.

HAKBANG 2
Humanap ng Lender

Sa pag-anunsyo ng panahon ng bukas na aplikasyon, ang mga kuwalipikadong mamimili ay inire-refer sa inaprubahang lender para sa pre-approval.

HAKBANG 3
Aplikasyon

Sa pre-approval sa lender, makipag-ugnay sa staff ng Housing Trust para sa appointment.

MAAARI KAYONG MAGING KUWALIPIKADO KUNG...

- Kayo ay bumibili ng bahay sa unang pagkakataon na bumibili ng pangunahing tirahan sa mga County ng Alameda o Contra Costa
- Kayo ay may pre-approval mula sa isang inaprubahang lender (ginawa bago magsumite ng aplikasyon)
- Ang kabuuang kita ng inyong sambahayan ay nasa loob ng mga itinalagang limit ng program.
- Natapos ninyo ang 8 Oras na klase sa Edukasyon para sa Bumibili ng Bahay na sertipikado ng HUD sa pamamagitan ng isang itinalagang ahensya
- Kayo at ang inyong sambahayan ay nakipagkita sa staff ng Housing Trust para pag-usapan ang pagsusumite ng aplikasyon (matapos ninyong matanggap ang Pre-approval mula sa inaprubahang lender)

Pinakamalaking Gross Annual Income (Kabuuang Taunang Kita) para sa 80% ng Area Median Income (AMI) ayonsa Laki ng Sambahayan

County	1-Tao	2-Tao	3-Tao	4-Tao	5-Tao	6-Tao
Alameda	$84,600	$96,650	$108,750	$120,800	$130,500	$140,150
Contra Costa	$84,600	$96,650	$108,750	$120,800	$130,500	$140,150

Ang Home Access Program ay naging posible sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Department of Housing and Community Development (Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad) ng California sa ilalim ng CalHome Program nito. Ang Housing Trust Silicon Valley ay binigyan ng pondo at pinangangasiwaan ngayon ang Reuse Funds para sa tulong sa down payment para makatulong sa mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon na bumili ng bahay sa mga County ng Alameda o Contra Costa. Ang Housing Trust Silicon Valley ay isang Ahensya para sa Pantay-Pantay na Oportunidad sa Pabahay.

Pahayag ng Pagtatatuwa: Ito ay hindi isang pangakong magpautang. Maaaring mabago ang mga patnubay at minimum na kinakailangan nang walang abiso. Napapailalim sa pag-aaral ng kredito at/o kolateral; hindi lahat ng aplikante ay magiging kuwalipikadong mapinansyahan. Pantay-Pantay na Oportunidad sa Pabahay. Ang Housing Trust ay ang Pangkomunidad na Lender (Tagapagpautang) ng California na lisensyado ng Department of Business Oversight. Estado ng California CFL Lender License #6053356. NMLS License #287840.